



Toolkit sa Pagtatapos

Impormasyon para sa
Pagpapalano ng Iyong
Mga Taon sa High School

 Pangkalahata
ng-ideya

 Mga
Mapagpipilian

 Mga Hakbang

 Mga Benepisyo

 Mga Listahan
ng Dapat Gawin

 Glosaryo

Foundation High School Program

Ang “Foundation High School Program na may mga endorsement” ay isang programang nagbibigay-daan sa mga estudyante upang itaguyod ang kanilang mga interes. Ito ang default na programa sa pagtatapos para sa mga estudyanteng pumasok sa high school sa 2014-15 na taon ng panuruan o pagkalipas nito.

Ang Foundation High School program ay naglalaman ng hanggang tatlong bahagi:

- isang foundation program na may 22 credit, na sentro ng diploma sa high school ng Texas,
- limang pagpipiliang endorsement* na nagbibigay-daan sa mga estudyante upang makapagtuon sa magkakaugnay na serye ng kurso,
- at isang kategorya para sa mas mataas na pagganap na tinatawag na Kinikilalang Antas ng Tagumpay (Distinguished Level of Achievement).

Kabilang sa Mga Kahingian ng Foundation (22 credit) ang:	
Ingles (4 na Credit)	Ingles I • Ingles II • Ingles III • Ingles IV (kabilang ang Paghahanda sa Kolehiyo, On Ramps, Dual Credit, o Advanced Placement)
Matematika (3 Credit)	Algebra I • Geometry • Isang advanced na kurso sa matematika
Agham (3 Credit)	Biology • Isang kurso sa pisikal na agham • Isang advanced na kurso sa agham
Araling Panlipunan (3 credit)	Kasaysayan ng U.S. • Pamahalaan ng U.S. (isa't kalahating credit) • Economics (isa't kalahating credit) • Kasaysayan ng Mundo/Heograpiya ng Mundo/AP na Heograpiyang Pantao
Mga Wika Bukod Sa Ingles (2 credit)	2 credit sa parehong wika
Edukasyong Pangkatawan (1 credit), Sining Biswal (Fine Arts) (1 credit), Pananalita (0.5 credit), Kalusugan (0.5 credit), Mga Elective (4 na credit)	

Foundation + Mga Endorsement

Kabuuang credit kasama ang mga endorsement: **26**, kabilang ang apat na credit sa loob ng magkakatugmang pagkakasunod-sunod, **Agham, Teknolohiya, Engineering, at Matematika (Science, Technology, Engineering, and Mathematics, STEM), Negosyo at Industriya, Pampublikong Serbisyo, Sining at Humanidades (Humanities), Mga Aralin sa Iba't Ibang Disiplina.**

Mga Pagpapahusay

Dagdag dito, maaaring makatanggap ng Kinikilalang Antas ng Tagumpay ang estudyante para sa katangi-tanging pagganap. Dapat makamit ang antas na ito para makapasok sa isang pampublikong unibersidad sa Texas sa ilalim ng batas sa awtomatikong pagpasok ng Nangungunang 10 porsiyento.

Kinikilalang Antas Ng Tagumpay

- Mga Kahingian ng Foundation Program
- 4 na credit sa matematika kabilang ang Algebra II
- 4 na credit sa agham
- Hindi bababa sa 1 endorsement

*Dapat tukuyin ng estudyanteng papasok sa ika-9 na baitang ang endorsement na pinaplano niyang sundin. Maaaring baguhin o dagdagan ng estudyante ang endorsement anumang oras. Maaaring magtapos ang isang estudyante nang walang endorsement kung, pagkatapos ng kaniyang sophomore na taon, pipirma ang magulang ng estudyante ng form na nagpapahintulot sa estudyanteng tanggalin ang kinakailangang endorsement.

Mga Endorsement

Makakapili ang mga estudyante mula sa 5 larangan ng endorsement
Tingnan ang katalogo ng kurso para sa mga paglalarawan ng mga kurso
<http://bit.ly/NISDCatalog19>



Agham, Teknolohiya, Engineering, at Matematika (STEM)

- Mga CTE na Kursong may kaugnayan sa STEM
- Matematika
- Computer Science
- Agham



Negosyo at Industriya

- Agrikultura, Pagkain at Mga Likas na Mapagkukunan
- Arkitektura at Konstruksiyon
- Sining, Teknolohiya ng Audio/Video
- Komunikasyon
- Business Management and Administration
- Advanced Broadcast Journalism
- Debate
- Pananalapi
- Ospitalidad (Hospitality) at Turismo
- Information Technology
- Marketing
- Manufacturing
- Pagsasalita sa Publiko
- Renewable Energy
- Mga Paggamit ng Teknolohiya



Pampublikong Serbisyo

- Mga Pagtutuwid (Corrections) at Seguridad
- Edukasyon at Pagsasanay
- Pamahalaan at Pampublikong Pangangasiwa
- Agham Pangkalusugan
- Agham Pantao
- Pangkat ng Sinanay na Junior na Reserbang Opisyal (Junior Reserve Officer Training Corps, JROTC)
- Abogasya
- Pampublikong Kaligtasan



Sining at Humanidades

- American Sign Language
- Mga Elective sa Ingles (hindi Advanced Broadcast Journalism o Debate)
- Sining Biswal (musika, teatro, sining, at sayaw)
- Wika bukod sa Ingles (Language other than English, LOTE) - 2 antas sa dalawang wika
- Wika bukod sa Ingles (LOTE) - 4 na antas sa parehong wika
- Araling Panlipunan



Mga Aralin sa Iba't Ibang Disiplina

- 4 na advanced na kurso mula sa ibang larangan ng endorsement
- 4 na credit sa bawat larangan ng foundation, kabilang ang Ingles IV at Chemistry at/o Physics
- 4 na credit sa Advanced Placement, o dual credit na pinili mula sa Ingles, matematika, agham, araling panlipunan, LOTE, o sining biswal

Kinikilalang Antas ng Tagumpay

26 na Credit Kinakailangan ang Algebra II
Kwalipikado para sa Awtomatikong Pagpasok sa Mga
Pampublikong Unibersidad sa Texas ng
Nangungunang 10%



22 Credit para sa Foundation Program



Mga Kinakailangan ng 1 Endorsement

(kabilang ang 4 na credit sa Matematika at Agham)



STEM



Negosyo
at
Industriya



Pampublikon
g Serbisyo



Sining at
Humanidades



Mga Aralin sa
Iba't Ibang
Disiplina

Kinikilalang Antas ng Tagumpay

Bakit ito mahalaga — Mga Benepisyo

Nagbibigay ang Kinikilalang Antas ng Tagumpay ng mundong puno ng mga oportunidad sa edukasyon at trabaho para sa iyo pagkatapos ng high school. Ang Kinikilalang Antas ng Tagumpay ay:

- Magpapahintulot sa iyong makipagkumpitensiya para sa kwalipikasyon sa awtomatikong pagpasok ng Nangungunang 10% sa anumang pampublikong unibersidad sa Texas;
- Ilalagay ka kasama ang mga nangungunang nakapila para makatanggap ng TEXAS Grant* upqang tulungang bayaran ang tuition at mga bayarin sa unibersidad; at
- Magtitiyak na ikaw ay magiging aplikante na mas kayang makipagsabayan sa mga pinakamapiling kolehiyo at unibersidad.

*Kailangang nakakatugon sa kwalipikasyon sa pananalapi

Ang ibig sabihin nito

Kinakailangan ng Kinikilalang Antas ng Tagumpay ang higit na matematika at agham kumpara sa Foundation High School Program. Kinakailangan ng Kinikilalang Antas ng Tagumpay ang:

- Kabuuan na apat na credit sa matematika, kabilang ang Algebra II;
- Kabuuan na apat na credit sa agham; at
- Matagumpay na pagkumpleto ng endorsement sa iyong larangan ng interes.

Mga Pakinabang

- Oportunidad para makakuha ng endorsement sa isang larangan ng interes
- Higit na pagpipilian sa kolehiyo at unibersidad
- Higit na opsyon para sa pinansiyal na tulong
- Mas mabuting paghahanda para sa mga aralin sa antas ng kolehiyo sa mga community/ technical college at unibersidad
- Oportunidad para sa agad na pagpapatala sa mga klaseng may kaugnayan sa iyong piniling larangan ng pag-aaral
- Matibay na pundasyon para matagumpay na makumpleto ang kredensiyal para sa pagtatrabaho sa industriya o degree sa kolehiyo

Programa sa Pagtatapos

Listahan ng
Mga Dapat Gawin

Ika-9 / Ika-10 (na) Baitang

- ❑ **Subaybayan** ang mga credit sa high school upang tiyaking natutugunan ang lahat ng mga kahingian ng lokal at ng estado sa pagtatapos ng senior na taon.
- ❑ **Kumuha** ng dual na enrollment o mga Advanced Placement na kurso, kung posible, para makakuha ng credit sa kolehiyo habang nasa high school pa lamang.
- ❑ **Magtabi** ng listahan ng mga parangal, honor, at aktibidad sa labas ng kurikulum (extracurricular activity) para sa aplikasyon sa scholarship at kolehiyo.
- ❑ **Magsaliksik** tungkol sa mga kolehiyo o unibersidad na interesado kang pasukan. Tingnan ang mga kinakailangan para sa pagpasok at aplikasyon at mga timeline.
- ❑ **Tuklasin** ang mga interes at sulitin ang mga oportunidad sa Career Day.
- ❑ **Dumalo** sa mga college night na inoorganisa ng iyong high school. Makipag-usap sa mga kinatawan ng paaralan tungkol sa mga available na uri ng pinansiyal na tulong.
- ❑ **Kumuha** ng Preliminary SAT/National Merit Scholarship Qualifying Test sa iyong sophomore na taon para sa pagsasanay. Sa iyong junior na taon, kumuha ng PSAT para sa kwalipikasyon para sa National Merit Scholarship Competition. Karaniwang nagkakaroon ng mataas na iskor sa SAT o ACT ang mga estudyanteng kumukuha ng PSAT o PLAN ng ACT kumpara sa mga hindi kumukuha nito.

Ika-11 / Ika-12 Baitang

- ❑ **Kumuha** ng dual enrollment o mga Advanced Placement na kurso kung posible upang makakuha ng credit sa kolehiyo habang nasa high school ka pa lamang.
- ❑ **Magtanong** sa tanggapan ng iyong tagapayo (counselor) o sentro ng karera sa kolehiyo upang matuto tungkol sa mga available na scholarship. Tiyaking mag-apply nang maaga para sa mas maraming scholarship hangga't maaari. Huwag limitahan ang iyong sarili sa mga lokal na scholarship.
- ❑ **Isaalang-alang** ang pagkuha ng mga klase para sa paghahanda sa SAT/ACT tulad ng Senior Seminar. Lalahok ang lahat ng mga estudyante sa ika-11 baitang sa pagkuha ng SAT sa araw ng eskuwela. Hinihikayat ang mga senior na estudyante na mag-sign up at kunin ang ACT at/o SAT na pagsusulit para pagbutihin ang kanilang mga iskor nang hindi lalampas sa fall ng iyong taon bilang senior na estudyante.
- ❑ **Mag-apply** sa kolehiyo sa fall ng iyong senior na taon.
- ❑ **Sagutan** ang FAFSA (Free Application For Federal Student Aid) nang maaga sa spring ng iyong senior na taon.



I-access ang Booklet ng Transisyon sa Kolehiyo at Karera dito:
bit.ly/NISDCollegeandCareer



I-access ang site ng Pagtatapos sa NISD dito:
nisd.net/schools/graduation

Credit ng Kurso: Isang yunit ng sukat na ginagawad para sa matagumpay na pagkumpleto ng isang kurso. Karaniwang nakakakuha ng isa't kalahating credit ang estudyante kapag nakumpleto ang isang kurso sa semestre.

Kinikilalang Antas ng Tagumpay: Isang mataas na antas ng pang-akademikong tagumpay na nakukuha sa pamamagitan ng pagganap na higit pa sa kinakailangan ng Foundation High School Program. Nangangailangan ito ng kabuuang 26 na credit ng kurso, kabilang ang: Algebra II, isang ikaapat na credit sa agham at isang endorsement. Kailangang makamit ng estudyante ang pagtatalagang ito upang maging kwalipikado para sa awtomatikong pagpasok sa isang pampublikong unibersidad sa Texas ng nangungunang sampung porisyento.

Mga Endorsement: Mga larangan ng espesyalisadong pag-aaral. Ang mga larangan ay:

- Agham, Teknolohiya, Engineering at Matematika (STEM)
- Negosyo at Industriya
- Sining at Humanidades
- Pampublikong Serbisyo
- Mga Aralin sa Iba't Ibang Disiplina

EOC: Ang mga pagsusulit na STAAR sa pagtatapos ng kurso ay mga pagsusulit na inaatas ng estado na ibinibigay sa mga huling linggo ng isang kurso. Dagdag sa pagtugon sa mga kinakailangan ng kurso upang magtapos, kailangang pumasa ang mga estudyante sa limang pagsusulit sa pagtatapos ng kurso para magkaroon ng diploma mula sa pampublikong high school sa Texas. Ibinibigay ang limang pagsusulit na iyon kapag kumukuha ang estudyante ng mga kursong Ingles I at II, Biology, Algebra I, at Kasaysayan ng U.S.

Foundation High School Program: Ang pangunahing programa sa pagtatapos na may 22 credit para sa mga estudyante ng pampublikong paaralan sa Texas.

Kredensiyal ng Nagtatrabaho sa Industriya: Isang kredensiyal na kinikilala ng estado, bansa o ng maraming bansa, na umaayon sa mga pamantayan sa kaalaman at mga kasanayang tinukoy ng samahan o entidad ng pamahalaan na kumakatawan sa isang partikular na propesyon o trabaho at pinahahalagahan ng negosyo o industriya. Kasama sa mga halimbawa ang kredensiyal para sa sertipikadong nurse aide (certified nurse aide, CNA) o ang sertipikasyon sa mahusay na serbisyo sa sasakyan (automotive service excellence, ASE) sa industriya ng sasakyan.

Mga Pagkilala ng Pagganap: Makakakuha ang mga estudyante ng karagdagang pagkilala sa kanilang diploma dahil sa katangi-tanging pagganap sa mga larangan tulad ng mga dual credit na kurso at bilingguwalismo at biliteracy; sa Advanced Placement, PSAT, Plan ng ACT, SAT, o mga pagsusulit ng ACT; o sa pagkuha ng sertipikasyon sa negosyo o industriya na kinikilala sa bansa o ng maraming bansa.